Save the Children

# ACT! AMPLIFYING CHILDREN'S VOICES FOR TRANSFORMATION

## Local Policy Guide Workbook for the Implementation of Republic Act (RA) 11650: The Inclusive Education Act




ANG WORKBOOK NA ITO AY PAG-AARI NI:

© 2024 Save the Children Philippines

Copyright © 2024 by Save the Children Philippines (SCP), Inc.
4th Floor, Sunnymede IT Center
1614 Quezon Avenue, Quezon City 1103, Philippines
Office: +632 8682 7283 (SAVE)

Ang pahintulot sa paggamit o pagkopya sa kabuuan o bahagi ng likhang ito, nakalimbag man o digital na bersyon, ay binibigay ng libre para sa personal na paggamit o paggamit ng gobyerno sa kondisyon na hindi ito kokopyahin o ipapamahagi ng may bayad at nararapat na i-cite ang pangalan ng SOLVE for Children's Rights Project sa unang pahina ng kopyang nilikha. Kailangan rin ng nakasulat na permiso mula sa Save the Children Philippines sa pagkopya, muling paglimbag, paglathala online, pag-imbak sa retrieval system, o paglipat sa likha sa ibang porma.

Kinikilala ng Solve for Children's Rights Project ang mga sumusunod para sa kanilang mahahalagang kontribusyon sa paglikha ng policy guide workbook na ito:

Renee Camille Cahinde, OTRP at Genevieve Caballa, PHD, PTRP bilang co-writers, at kay Beatrice Martha Geraldez, PTRP para sa suportang pang-administratibo;
Ang mga mag-aaral, guro at namumuno sa Ricardo P. Cruz Elementary School, Taguig city na tumulong sa paglikha at pagtitibay sa nilalaman ng workbook;
Ang Save the Children Team na pinangungunahan ni Kitty Arce (Project Coordinator), Joy Sampang (ECCD Technical Advisor), at Xerxes De Castro (Basic Education Technical Advisor) para sa kanilang paggabay at mga komento; at kay Breeze Ibayan para sa cover, disenyo at lay-out.

# PAANO GAMITIN?

Ang workbook na ito ay maaaring gamitin ng mga batang may iba't ibang edad, kasarian, at kakayanan. Kung kaya nila, ito ay maaaring kumpletuhin mag-isa nang isang upuan lamang. Gayunpaman, ang paggabay ay maaaring ibigay ng mga magulang, kaibigan, at mga guro. Ang mga sumusunod ay mga 'prompts, cues, at assistance' na iminumungkahing gamitin upang lahat ng bata ay matuto nang naaayon sa kanilang kakayanan:

| | |
|---|---|
| **PARA SA MGA BLIND/ BULAG O, SA MGA BATANG MAY VISUAL IMPAIRMENT** | » Paggamit ng prescription o reading glasses o magnification device upang mapalaki ang mga letra at larawan<br>» Pagbasa sa instructions o nilalaman ng workbook<br>» Ang digital version ng workbook ay maaari ring ibahagi upang magamit ang mga device o apps (e.g., screen reader) upang mabasa ang nilalaman ng workbook |
| **PARA SA MGA BATANG DEAF O HARD OF HEARING** | » Maaaring magkaroon ng Filipino Sign Language (FSL) Translation para sa karagdagang pagpapaliwanag ng nilalaman ng workbook o instruction.<br>» Modelling o pagpapakita kung papaano gawin ang instructions (e.g. tracing) para sa mga batang hindi pa nakakabasa o nakakaintindi ng FSL. |
| **PARA SA MGA BATANG HINDI PA NAKAKABASA O HIRAP SUMUNOD SA NAKASULAT NA INSTRUCTIONS** | » Basahin ang impormasyon at instructions ng malakas. Tanungin ang bata kung ano ang naiintidihan nila sa binasa. Pagkatapos, bigyan sila ng pagkakataong gawin ang mga activities mag-isa o sa pinaka-kaunting tulong na maaaring ibigay. |





| | |
|---|---|
| **PARA SA MGA BATANG MAY KAHIRAPAN SA GROSS O FINE MOTOR SKILLS (PAGGALAW AT PAGGAMIT NG MALALAKI AT MALILIIT NA MUSCLES)** | » Pag-kumpleto sa workbook habang nakaupo sa upuan o mobility device (e.g., wheelchair) at lamesa na may tamang laki at taas.<br>» Paggamit ng kagamitang panulat (e.g., lapis o ballpen), pangkulay o panggupit na tama ang sukat. Halimbawa, maaaring gumamit ng mas maikling panulat para sa mga batang nagsasanay ng mas magandang kontrol sa kamay. Maaari ring gumamit ng colored marker para sa mga batang may mahinang paghawak sa panulat.<br>» Pagbigay ng hand-over-hand (paghawak sa kamay) o tactile assistance (pagtapik ng bahagi ng katawan) sa simula kapag nagkukulay, sumusulat o gumugupit. Siguruhing nababawasan ang paggabay habang tumatagal. |
| **PARA SA MGA BATANG HIRAP MAG-FOCUS O UMUPO NG MAHABANG ORAS** | » Pagbigay ng 'movement warm- up' o mga sensory-based activities, kagaya ng pagtalon o pagsayaw upang tulungan ang mga batang ma-'regulate' o maihanda sa pag-upo at pagkumpleto ng workbook. Maaari ring gawin ang workbook ng nakadapa o nakaupo sa sahig o nakaupo sa malaking bola.<br>» Pag-kumpleto sa workbook sa tahimik at maimis na paligid.<br>» Pag-kumpleto sa workbook ng parte-parte na may kasamang pahinga/movement breaks sa pagitan/ kada bahagi. |

# KUMUSTA?

# AKO SI INKA, ANG IYONG "INCLUSION BUDDY"!

Gustong-gusto ko matuto! Ikaw rin ba?

Nais kong lahat ng bata ay makapag-aral at matuto.

Alam mo ba na maaaring matupad ang nais na ito sa pamamagitan ng 'Inclusive Education Act'? Tara, alamin natin kung ano ito!





# ISANG ARAW...

Ang kwento ay nangyari isang maaliwalas na araw ng Nobyembre 2023. Binisita ng Save the Children Philippines (SCP), kasama ng kanilang mga kaibigan, ang hinahangaang paaralan ng Ricardo P. Cruz Elementary School sa Taguig. Ang team ay dumating na may bitbit na masasayang mga laro at gawain sa paglikha upang ituro ang 'Inclusive Education Act or RA 11650'. Noong umagang iyon, nakilala nila ang sampung (10) matatalinong batang babae at lalaking may iba't ibang kapansanan na nag-aaral sa iba't ibang baitang sa paaralan.

Namangha sila sa dunong at talento ng mga estudyanteng ito. Naibahagi ng mga kabataan ang kanilang mga kwento, at naipahayag ang kanilang pangangailangan at mga pamamaraan upang sila ay dapat suportahan. Noong umaga ng Nobyembre na iyon, napagtibay ng SCP na ang mga bata talaga ang pinakamahusay na advocate upang maging ligtas at 'inclusive' ang mga paaralan.

Mula sa karanasang iyon, nilikha ang workbook na ito. Ang mga learners with disability (LWDs) ay may angking talino at kakayanan, at kayang-kaya nilang itaguyod ang kanilang mga karapatan kung sila ay susuportahan at bibigyan ng impormasyong nararapat para sa kanila. Ang workbook na ito ay pamamaraan para sa'yo upang malaman ang ano, bakit, sino at saan ng RA 11650. Maaari mo itong kumpletuhin mag-isa o kasama ang iyong mga kakampi - ang iyong mga kaibigan, kaanak, tagapag-alaga o ang iyong mga guro. Nawa'y ika'y masiyahan at matuto!







# ANO? INCLUSIVE EDUCATION PARA SA LAHAT!

Ang mga bata, kagaya natin, ay may karapatan sa libre at nararapat na pampublikong 'early and basic education.' Higit pa rito, ang INCLUSIVE EDUCATION ang nag-sisigurong lahat ng mag-aaral, may kapansanan man o wala, ay may pagkakataong maglaro, matuto, at makisalamuha sa paaralan.



### NAIS MUNA KITANG MAKILALA! ISULAT ANG IYONG SAGOT SA BABA:

Ano ang iyong pangalan? Saan ka nag-aaral?

Saang bagay o gawain ka magaling?

Saang bagay o gawain ka nahihirapan?

### ALAM MO BA?!

Ang Inclusive Education Act o Republic Act (RA) 11650 ay isang batas na ipinasa noong March 11, 2022 upang siguruhing ang 'inclusive education' ay isinasagawa sa lahat ng paaralan sa bansa. Ang buong pangalan ng batas na ito ay 'Act Instituting a Policy of Inclusion and Services for Learner with Disabilities in Support of Inclusive Education, establishing Inclusive Learning Resource Centers of Learners with Disabilities in all School Districts, Municipalities and Cities, providing for standards, appropriating funds therefor and other purposes.' Masyado bang mahaba? Tawagin nalang natin itong, 'IE Act'.



# BAKIT MAY IE ACT?

Ang IE Act ay ipanasa upang ang gobyerno ay maprotektahan at maitaguyod ang karapatan ng lahat ng bata para sa edukasyong may mataas na kalidad at para sa lahat. Kaya mo bang hulaan ang layunin o hangarin ng RA 11650? Lagyan ng tsek (/) kung ito ay tama at ekis (x) kung ito ay mali.



- [ ] Upang masiguro na ang mga estudyanteng may kapansanan ay mahuhubog sa kanilang pinakamataas na kakayanan upang kaya nilang mamuhay mag- isa at matagumpay sa lipunan.
- [ ] Upang makalikha ng positibong pagbabago sa pamayanan kung saan ang mga 'persons with disability' (PWD) ay naiintidihan, pinahahalagahan at nirerespeto.
- [ ] Upang pigilan ang mga batang may kapansanan sa pagpasok sa paaralan
- [ ] Upang tulungan, hindi lamang ang mga bata, kundi pati rin ang mga guro, magulang, guardian at kaanak sa pamamagitan ng mga pagsasanay o training.
- [ ] Upang ipasara ang mga paaralan ng mga batang may kapansanan.

Answers: (1)/, (2)/, (3)x,(4)/,(5) x

# SAAN? SA ILRC!


Ang mga Inclusive Learning Resource Center (ILRC) ay itinatayo upang magkaroon ng isang lugar kung saan makukuha ang suporta at kinakailangan serbisyo sa 'teaching and learning', kung saan gabay ang Universal Design for Learning (UDL). Dapat sa isang siyudad o munisipalidad, mayroong isang (1) ILRC. Ang may Special Ecucation Centers of SPED center ay maaari ring gawing ILRC.

## KAYA MO BANG TULUNGAN ANG BATA MAKARATING SA KANYANG ILRC?




# SINO? ANG TEAM!

Ang isang ILRC ay dapat may hindi bababa sa isang (1) team ng mga propesyonal at espesyalista na magbibigay ng serbisyong kailangan upang suportahan ang inclusive education. Kaya mo bang kulayan ang ILRC team?




Ang mga mobile teacher ay mga guro na may pagsasanay sa Special Needs Education na siyang tumutulong sa mga paaralan, malayo man o malapit, upang magplano kung paano tuturuan ng nararapat ang mga bata. Ang mga para-teachers naman ang tumutulong sa mga lugar na wala o kaunti ang Special Needs Education (SNED) teachers.

Iba't ibang propesyonal ang kasama sa multidisciplinary team. Kaya mo bang silang hanapin? Bilugan ang mga mahahanap mong sagot!




| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | C | D | E | R | S | F | G |
| C | O | U | N | S | E | L | O | R |
| H | I | J | K | L | A | P | T | M |
| D | E | V | P | E | D | X | X | N |
| X | B | B | R | A | I | L | L | E |
| Z | Z | Q | Q | S | N | E | D | X |
| F | S | L | W | V | G | M | J | K |

1. COUNSELOR
2. OT
3. PT
4. SLP
5. DEV
6. FSL
7. READING
8. BRAILLE
9. SNED






Ilan ang nahanap mo? Nakilala mo na ba sila sa totoong buhay? Ayon sa IE Act, ang multidisciplinary team ay dapat binubuo ng mga sumusunod:

- Educational Psychologist
- Guidance Counselor
- Psychometrician
- Developmental Pediatrician
- Psychiatrist
- Physical Therapist
- Occupational Therapist
- Speech Language Pathologist
- Reading Specialist
- Specialist for Braille and other augmentative and alternative modes of communication
- FSL Specialist/ Interpreter
- Special Needs Education Teacher



## SINO? AKO, AKING PAMILYA AT KOMUNIDAD!

Bukod sa ILRC team, ang buong komunidad ay dapat kabilang sa pagsuporta sa inclusive education. Kabilang rito ikaw, ang iyong mga kaibigan, pamilya, kamag-anak, guro, at kahit ang mga lider ng barangay at siyudad. Kilala mo ba sila? Iguhit o isulat ang kanilang mga pangalan sa lugar kung saan sila nakatira o nagta-trabaho.



# CAREGIVER'S CORNER

Sa ilalim ng IE Act, ang mga magulang, kamag-anak at taga bantay at ibang pang kabilang sa pag-aalaga ng mga batang may kapansanan ay dapat may pormal na training, orientations at programa upang sila ay mahanda at mabigyan ng kaalaman sa inclusive education. Ilan sa mga impormasyong dapat nilang malaman ay ang mga sumusunod:



Bawat estudyanteng may kapansanan ay dapat may Individualized Educational Plan (IEP) na ginawa ng multidisciplinary team sa ILRC. Ang IEP ay ginagawa at sinusuri taun-taon at naglalaman ng mga serbisyong kailangan - ang tagal at dalas nito, at ang antas ng kakayanan ng bawat batang may kapansanan - kasama ang accommodations at modifications na kailangan.





Ang mga batang may kapansanan ay may karapatan, pribilehiyo, benepisyo at iba-ibang pangangailangan. Higit pa rito, mayroong mga procedural safeguards o proseso upang maresolba ang mga reklamo o paglabag sa mga karapatan sa edukasyon.




Ang mga local government unit ay may kanya-kanyang gampanin sa pagbibigay ng budget at resources, serbisyo, at tulong upang suportahan ang inclusive education. Ang sumusunod na mga opisina ay maaaring lapitan ng mga magulang, at taga-alaga:

- Barangay
- Persons with Disability Affairs Office (PDAO)
- Department of Education Schools Division Office (DEPED-SDO)
- City Social Welfare and Development Office
- Municipal/City Health Office




## SYEMPRE, NO BULLYING!

Sinisiguro rin sa inclusive education na tayong mga mag-aaral ay ligtas mula sa pang-aabuso, pagpapabaya, karahasan, bullying at diskriminasyon. Kung ikaw ay makakita ng kamag-aral o ibang batang binubully, dapat mo agad itong sabihin sa mga guro, principal, school office o ang mga nakatakdang officers kagaya ng Student Anti-Bullying Action Center (SABAC). Ang bullying ay dapat i-report upang ito'y imbestigahan at matigil. Dapat ay mayroong ZERO TOLERANCE sa bullying at dapat hindi ito pinapalagpas.

Kaya mo bang piliin kung alin sa mga larawan ang bullying at alin ang hindi? Gupitin ang mga larawan at idikit sila sa tamang kahon.



## BULLYING!

## HINDI BULLYING!




A
B
C
D
E
F
A

Idikit mo rito ang larawan mo at ng iyong kaibigan!




WE ARE MORE "THE SAME" THAN DIFFERENT.

Save the Children

© 2024 Save the Children Philippines